Light Reading na newsletter para sa customer mula sa Seattle City Light Setyembre-Oktubre 2014

Mula sa general manager

Kung nakita mo kamakailan ang mga dilaw na trak ng City Light sa maraming lugar kung saan may konstruksyon, nasasaksihan mong nagaganap ang aming pang-anim na taong Strategic Plan. Isang pamumuhunan para sa kinabukasan ang mga proyektong ito habang ina-upgrade namin ang sistema ng pamamahagi ng kuryente. Ang resulta ay, mas kaunti at mas maikli na ang nararanasan mong brownout.

Ang kamakailang pag-apruba ng Seattle City Council sa isang pag-update sa plano ng utility ay nagbibigay-daan sa City Light na gumawa ng mahigit sa 40 madiskarteng pamumuhunan sa utility na magpapabuti sa iyong serbisyo, kasama na ang:

-mga pagpapabuti sa mga serbisyong customer support ng City Light, gaya ng online na pagsingil at ng website ng utility;
-paggamit ng bagong teknolohiya para sa pinabuting customer service;
-pagpapaigting sa paglahok sa Utility Discount Program ng mga customer na kwalipikado ang income;
-at pagbabadyet sa mga gagawing pagpapabuti upang panatilihing stable at madaling hulaan ang mga rate.

Nakakatulong din ang plano na magamit natin nang mahusay ang resources, at kailangan nito na patuloy na naghahanap ng maiinam na operation ang utility. Nalagpasan namin ang target sa pagiging mahusay noong 2013 at nakaayon kami sa pagkamit sa kabuuang savings na $18 milyon sa hinaharap.

-Jorge Carrasco, CEO at General Manager

Mga rebate para sa mga bahay na nakakatipid ng kuryente

Sa pakikiisa sa programang Community Power Works ng City of Seattle, nagbibigay ang City Light ng malalaking rebate para sa mga pag-audit at pag-upgrade ng kuryente sa bahay na ginagawa ng mga kwalipikadong auditor at contractor. Bukod pa rito:
-Sulitin ang mga abot-kayang rate ng loan at pagbabayad sa loan na nakalapat sa iyong bill sa City Light.
-Makatanggap ng tuluy-tuloy na suporta upang tiyaking nagagawa nang tama ang trabaho.

Dagdagan ang nalalaman sa www.seattle.gov/light/weatherize .

Umiwas sa malalaking bill ngayong taglamig (winter)

Maaaring mapataas ng malamig na panahon, kaunting sikat ng araw at paglalaan ng mas maraming oras sa loob ng bahay ang iyong bill ng kuryente. Maraming paraan ng pagpapanatiling mainit at bukas ang ilaw habang binabawasan ang gastos sa kuryente. Kumuha ng impormasyon sa mga rebate sa weatherization at appliance sa www.seattle.gov/light/save.

May tanong tungkol sa pagtitipid ng kuryente o sa aming mga programa sa renewable energy power? Tumawag sa 206.684.3800 o mag-email sa SCLEnergyadvisor@seattle.gov.

Maging handa palagi
Higit na karaniwan ang masamang panahon sa bahaging ito ng taon, na maaaring humantong sa brownout, pagsasara ng mga paaralan, at problema sa trapiko. Panatilihing ligtas ang iyong pamilya ngayong season. Alamin kung paano sa www.TakeWInterByStorm.org.

Malaman kung nasaan ang mga linya ng kuryente sa lapag sa panahon o pagakatapos ng bagyo. Huwag kailanman lalapit o hahawak ng kable sa lapag o sa anumang nakadikit dito. Para sa mas marami pang ideya tungkol sa kaligtasan, bumisita sa http://bit.ly/1kwumCe."

Power para sa mga tao
Minamarkahan ng City Light ang Public Power Week Okt. 5-11, at sumasali sa mahigit sa 2,000 iba pang utility na nagbibigay ng kuryente sa paraang not-for-profit sa 47 milyong American. Malaman ang tungkol sa pampublikong kuryente at ang kahalagahan nito sa www.publicpower.org/.

Magandang balita sa mga nagtatanim ng puno
Mainam na panahon ang taglagas (fall) para sa pagtatanim ng mga puno sa ating lugar, kaya nga ipinagdiriwang ng Seattle ang Arbor Day sa Oktubre sa halip na sa tagsibol (spring). Piliin ang tamang puno para sa bawat lokasyon. Alamin kung paano sa pamamagitan ng pagbabasa sa aming aklat na "Right Tree", na available online: www.seattle.gov/light/vegmgmt/.

Magbigay sa Project Share
Kapag bumaba ang temperatura, tinataasan ng mga tao ang heat. Para sa ilang customer na may electric heat, ang ibig sabihin niyon ay mas matataas na utility bill na hindi nila kayang bayaran. Tumutulong ang Project Share ng City Light gamit ang assistance na pang-isahang beses. Kamakailan, nagsagawa ang mga empleyado ng City Light ng fundraiser para sa programa, at nakakolekta ng $2,400 sa loob lang ng dalawang oras. Mangyaring isaalang-alang ang pagdo-donate sa Project Share sa pamamagitan ng pagbisita sa https://www.seattle.gov/light/help/share/ o pagtawag sa 206.684.3000.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:
Seattle City Light
700 Fifth Avenue, Suite 3200
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
Impormasyon: Tumawag sa 206.684.3000 o bumisita sa www.seattle.gov/light